PROPOSISYON

56 BUWIS SA SIGARILYO UPANG PONDOHAN ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, PAGPIGIL SA PAGGAMIT NG TABAKO, PANANALIKSIK, AT PAGPAPATUPAD NG BATAS. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Dinadagdagan ang buwis sa sigarilyo ng $2.00/bawat kaha, na may katumbas na pagdagdag sa ibang mga produktong tabako at mga elektronikong sigarilyo na nagtataglay na nikotina.
- Pangunahing inilalaan ang mga kita upang dagdagan ang pagpopondo para sa mga umiiral na programa sa pangangalagang pangkalusugan; at para din sa mga programa sa pagpigil/pagkontrol ng paggamit ng tabako, pananaliksik sa sakit/pagpapatupad ng batas na may kaugnayan sa tabako, pagsasanay ng doktor sa Unibersidad ng California, mga programang pag-iwas sa sakit ng ngipin, at pangangasiwa. Inaalis ang mga kitang ito mula sa mga kinakailangan sa pagkuwenta ng pagpopondo sa edukasyon ayon sa Proposisyon 98.
- Kung ang buwis ay magdudulot ng nabawasang pagkonsumo ng tabako, inililipat ang mga kita sa buwis upang mabawi ang mga pagbawas sa kasalukuyang pinopondohang mga programa para sa tabako at mga kita sa buwis sa pagbebenta.
- Kailangan ng pagsusuri tuwing dalawang taon.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Nadagdagang kabuuang kita ng estado na $1 bilyon hanggang $1.4 na bilyon sa 2017-18, na posibleng may mas maliit na mga taunang kita sa paglipas ng panahon. Ang mga pondong ito ay ilalaan sa iba't ibang ispesipikong mga partikular na layunin, na ang karamihan ng mga pera ay ginagamit upang palakihin ang paggastos sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California na maliit ang kita.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

56

BATAYAN

Sigarilyo at Mga Produkto ng Tabako

Sa kasalukuyan, kumokonsumo ang mga tao ng iba't ibang uri ng sigarilyo at mga produkto ng tabako:

- ***Mga Sigarilyo.*** Ang paninigarilyo ay ang pinakakaraniwang paraan ng paggamit ng tabako.
- ***Iba Pang Mga Produkto ng Tabako.*** Ang iba pang mga produkto ng tabako ay maaaring gawing sigarilyo o maaaring ipadaan sa iba pang mga anyo ng paglunok. Kabilang dito ang mga cigar, nganga at iba pang mga produktong gawa sa o naglalaman ng hindi bababa sa 50 porsyento ng tabako.
- ***Mga Electronic Cigarette (Mga E-Cigarette).*** Ang mga ito ay mga device na pinapagana ng baterya kung saan ginagawang vapor ang likidong espesyal na idinisenyo, na maaaring naglalaman ng nicotine. Hinihithit ng user ang vapor. Ibinebenta ang ilang e-cigarette kasama ang likido, habang ang iba naman ay ibinebenta nang walang kasamang likido.

Ang mga produktong ito ay napapailalim sa mga buwis para sa produkto (na ipinapataw sa isang partikular na produkto) at mga buwis sa pagbebenta (na ipinapataw sa halos lahat ng produkto). Ang buwis para sa produkto ay ipinapataw sa mga tagapamahagi (gaya ng mga tagabenta ng pakyawan) habang ang buwis naman sa pagbebenta ay ipinapataw sa oras ng pagbili. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, sa kasalukuyan, ang mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako ay napapailalim sa mga buwis para sa produkto ng na ipinapataw ng estado at pederal gayundin ang mga buwis sa pagbebenta at paggamit na ipinapataw ng estado at lokal (mga buwis sa pagbebenta). Napapailalim lang ang mag e-cigarette sa mga buwis sa pagbebenta.

Mga Umiiral na Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Estado sa Mga Sigarilyo. Ang kasalukuyang buwis para sa produkto na ipinapataw ng estado ay 87 sentimo para sa isang kaha ng sigarilyo. Ipinapakita ng Pigura 2 kung paano tumaas ang buwis sa paglipas ng panahon at kung paano pinaghahati-hati ang mga kitang ito para sa iba't ibang layunin. Tinatantyang makakalikom ang mga umiiral na buwis para sa produkto ng higit sa 800 milyong dolyar sa 2015–16.

Mga Umiiral na Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Estado sa Iba pang Mga Produkto ng Tabako. Bagama't ang mga buwis para sa produkto sa iba pang mga produkto ng tabako ay batay sa buwis para sa produkto sa isang kaha ng sigarilyo, medyo mas mataas ang mga ito dahil sa mga pagkakaloob ng Proposisyon 10. Sa kasalukuyan, ang mga buwis para sa produkto ng iba pang mga produkto ng tabako ay katumbas ng $1.37 kada kaha ng sigarilyo. Ang kita mula sa mga buwis para sa produkto sa iba pang mga produkto ng tabako ay nakalaan lang para sa mga pondo ng Proposisyon 99 (1988) at Proposisyon 10 (1998) para sa iba't ibang layunin, gaya ng inilalarawan sa Pigura 2. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang anumang pagtaas sa mga buwis sa sigarilyo ay awtomatikong magdudulot ng katumbas na pagtaas sa mga buwis para sa produkto sa iba pang mga produkto ng tabako.

Pigura 1
Mga Kasalukuyang Buwis sa Mga Produkto ng Tabako at Electric Cigarette

	Mga Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Pederal	Mga Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Estado	Mga Buwis sa Pagbebenta na Ipinapataw ng Estado at Lokal
Mga Sigarilyo	✓	✓	✓
Iba Pang Mga Produkto ng Tabako[a]	✓	✓	✓
Mga Electronic Cigarette[b]			✓

[a] Isinasama ang mga cigar, nganga at iba pang mga produktong gawa sa o naglalaman ng hindi bababa sa 50 porsyento ng tabako.

[b] Mga device na pinapagana ng baterya kung saan ginagawang vapor ang likidong espesyal na idinisenyo, na maaaring naglalaman ng nicotine

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

Pigura 2

Paglalaan ng Mga Umiiral na Hindi Tuwirang Buwis sa Sigarilyo ng Estado

(Mga Dolyar sa Mga Milyon)

Paglalarawan sa Mga Pondo	Kasalukuyang Buwis Sa Bawat Pakete ng Mga Sigarilyo	Tinatantiyang Kabuuang Kita ng 2015–16[a]
Pangkalahatang Pondo ng Estado: Sinusuportahan ang badyet ng estado. Ang hindi tuwirang buwis sa sigarilyo na naglalaan ng kita sa Pangkalahatang Pondo ng estado ay pinagtibay ng Lehislatura noong 1959.	10¢	$84
Mga Pondo ng Proposisyon 99: Pinagtibay ng mga botante noong 1988 para sa mga layunin na suportahan ang mga pagsusumikap na magturo tungkol sa at mapigilan ang paggamit ng tabako, programa ng pananaliksik ukol sa sakit kaugnay ng tabako, serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may mababang kita, at pagprotekta sa kalikasan at panlibangang tagapagdulot.	25	259[b]
Pondo ng Breast Cancer: Pinagtibay ng Lehislatura noong 1993 para sa mga layunin na suportahan ang mga programa ng pag-screen ng breast cancer para sa mga babaeng walang insurance at pananaliksik na nauugnay sa breast cancer.	2	20
Mga Pondo ng Proposisyon 10: Pinagtibay ng Lehislatura noong 1998 para sa mga layunin na suportahan ang mga programa para sa paglaki ng bata.	50	447[b]
Kabuuan	**87¢**	**$810**

[a] Itinatala ang mga pagbabayad mula sa Proposisyon 10 sa iba pang mga pondo upang mapanatili ang mga antas ng kita bago ang Proposisyon 10.
[b] Kasama sa kabuuan ang kita ng hindi tuwirang buwis mula sa iba pang mga uri ng produkto ng tabako, gaya ng mga cigar at nginunguyang tabako.

Mga Umiiral na Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Pederal sa Mga Produkto ng Tabako. Nagpapataw din ang pederal na pamahalaan ng mga buwis para sa produkto sa mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako. Sa kasalukuyan, ang buwis para sa produkto na ipinapataw ng pederal ay $1.01 kada kaha ng sigarilyo at nagbabago-bago ang halaga sa iba pang mga produkto ng tabako.

Mga Umiiral na Buwis sa Pagbebenta sa Mga Produkto ng Tabako at E-Cigarette. Nalalapat ang mga buwis sa pagbebenta sa pagbebenta ng mga sigarilyo, iba pang mga produkto ng tabako at e-cigarette. Ang mga buwis sa pagbebenta ay nakabatay sa presyo ng tingi ng mga produkto, kung saan kabilang na epekto ng mga buwis para sa produkto. Ang average na presyo ng tingi para sa isang kaha ng sigarilyo sa California ay halos $6. Sa kasalukuyan, naglalaro ang mga buwis sa pagbebenta mula 7.5 porsyento hanggang 10 porsyento ng presyo ng tingi (depende sa lungsod o county), na may pambuong-estadong average na humigit-kumulang 8 porsyento. Kung kaya, nagdaragdag ang buwis sa pagbebenta ng halos 50 sentimo hanggang 60 sentimo sa kabuuang halaga ng isang kaha ng sigarilyo.Ang mga buwis sa pagbebenta sa mga sigarilyo, iba pang mga produkto ng tabako at e-cigarette ay nakakalikom ng humigit-kumulang 400 milyong dolyar taun-taon, kung saan ang mga nalikom ay napupunta sa pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan.

Mga Kalakaran sa Paninigarilyo ng Matatanda at Ang Paggamit ng E-Cigarette sa California

Marami sa mga gumagamit ng tabako sa California ay naninigarilyo. Ayon sa California Department of Public Health (DPH), ang California ay may isa sa pinakamababababang bilang ng matatandang naninigarilyo sa bansa. Iniuulat ng DPH na halos 12 porsyento ng matatanda ang naninigarilyo noong 2013, kumpara sa halos 24 porsyentyon ng matatanda noong 1988. Habang patuloy na bumababa ang bilang ng mga naninigarilyo sa California sa loob ng mga nakalipas na dekada dahil sa iba't ibang bagay, lumalabas na bumabagal ang pagbabang ito sa mga nakalipas na taon ayon sa DPH. Dahil bumababa ang bilang ng mga indibidwal na naninigarilyo sa California, bumababa rin ang kabuuang halaga ng sigarilyong binibili ng mga mamimili sa California. Dahil dito, bumaba rin ang mga kita mula sa mga buwis sa mga pagbiling ito.

Iniuulat ng DPH na ang paggamit ng e-cigarette ng mga nasa hustong gulang sa California ay nasa halos 4 porsyento noong 2013, halos dumoble kumpara sa naunang taon. Ngunit dahil mga bagong produkto ang mga e-cigarette, kaunti lang ang impormasyon upang matukoy ang matagalang paggamit ng mga e-cigarette.

Mga Programang Pangkalusugan ng Estado at Lokal

Medi-Cal. Ang Department of Health Care Services ay nagpapatupad ng programa ng Medi-Cal ng California, kung saan nagbibigay ng mga pagsaklaw sa pangangalaga ng kalusugan sa humigit 13 milyong mahihirap, o halos isang-katlo ng mga Taga-California. Gamit ang kabuuang tinantyang badyet na halos 95 bilyong dolyar (humigit-kumulang 23 bilyong dolyar na Pangkalahatang Pondo) para sa taong 2015–16, binabayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan gaya ng inpatient at outpatient na pangangalaga sa ospital, sanay na pag-aalaga, mga inireresetang gamot, pangangalaga ng ngipin at mga pagbisita sa doktor. Ang ilan sa mga ibinibigay na serbisyo sa programa ng Medi-Cal ay para sa pagpigil at paggamot sa mga sakit na nakukuha sa paggamit ng tabako.

Mga Programa sa Pampublikong Kalusugan. Ang DPH ay nagpapatupad at namamahala ng maraming iba't ibang programa na may layuning pabutihin ang kalusugan at kapakanan ng mga taga-California. Tinutugunan ng mga programa ng departmento ang malalawak na isyung pangkalusugan, kabilang ang mga sakit na nakukuha sa paggamit ng tabako, kalusugan ng mag-ina, cancer at iba pang malalalang sakit, pagkontrol sa sakit dulot ng impeksyon at inspeksyon sa mga pasilidad na pangkalusugan. Maraming programa at serbisyo sa pampublikong kalusugan ang ipinapaabot sa lokal na antas, habang ang estado ang nagbibigay ng pondo, pamamahala at pangkalahatang pinag-isipang pamumuno para sa pagpapabuti ng

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 56, pumunta sa pahina 134.

kalusugan ng populasyon. Halimbawa, ang DPH ay nagpapatupad ng Programa sa Pagkontrol ng Tabako sa California—isang programa ng Proposisyon 99—na nagpopondo sa mga aktibidad upang mabawasan ang pagkakasakit at pagkamatay nang dahil sa mga sakit na nakukuha sa paggamit ng tabako na may badyet na humigit-kumulang 45 milyong dolyar sa taong 2015–16.

Mga Kamakailang Pagbabago sa Mga Batas na Nauugnay sa Tabako

Kamakailang ipinasa ng Lehislatura, at nilagdaan ng Gobernador noong Mayo 2016, ang bagong batas na nauugnay sa tabako na nagdulot ng malalaking pagbabago sa batas ng estado. Inilalarawan ng Pigura 3 ang mga pagbabagong ito. Noong Mayo 2016 din, ang U.S. Food and Drug Administration (FDA) ay naglabas ng mga bagong tuntunin na nagpapalawak sa awtoridad ng pagkontrol ng FDA upang isama ang mga e-cigarette, cigar at iba pang mga produkto ng tabako. Ang mga kamakailang pagbabagong ito ay hindi direktang nakaapekto sa mga buwis ng estado sa mga produktong ito o sa mga programang nakakatanggap ng pondo mula sa mga buwis na ito.

Limitasyon sa Paggastos ng Estado at Pinakamababang Antas ng Pagpopondo para sa Edukasyon

Ang Saligang-batas ng Estado ay naglalaman ng iba't ibang tuntuning nakakaapekto sa badyet ng estado. Ang Proposisyon 4, na ipinasa ng mga botante noong 1979, ay nagtatakda ng limitasyon sa paggastos ng estado. Ang Proposisyon 98, na ipinasa noong 1988, ay nagtatalaga ng pinakamababang antas ng taunang pagpopondo para sa K–12 na edukasyon at sa Mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

MUNGKAHI

Dinaragdagan ng panukalang ito ang buwis para sa produkto na ipinapataw ng estado sa mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako at inilalapat ang buwis na ito sa mga e-cigarette. Ang mga karagdagang kita ay gagamitin para sa iba't ibang natukoy na layunin. Ang mga pangunahing probisyon ng panukala ay nakasaad sa ibaba.

Mga Bagong Buwis na Ipinapataw ng Panukala

Dinaragdagan ang Buwis sa Sigarilyo ng $2 Kada Kaha. Simula Abril 1, 2017, ang buwis para sa produkto na ipinapataw ng estado sa isang kaha ng sigarilyo ay daragdagan ng $2—mula 87 sentimo patungong $2.87.

Tinataasan ang Katumbas na Buwis sa Iba Pang Mga Produkto ng Tabako. Gaya ng naunang nakasaad, inaatasan ng kasalukuyang batas ang mga buwis sa iba pang mga produkto ng tabako na dagdagan sa tuwing tataas ang buwis sa mga sigarilyo. Partikular dito, iniaatas ng batas ng estado ang pagdagdag sa mga buwis sa iba pang mga produkto ng tabako upang maging katumbas sa pagdagdag sa mga buwis sa mga sigarilyo. Ayon dito, tataasan din ng panukala ang buwis sa iba pang mga produkto ng tabako ng $2—mula $1.37 (ang kasalukuyang antas ng buwis sa mga produktong ito) patungo sa katumbas na buwis na $3.37 kada kaha ng sigarilyo.

Pinapatawan ng Mga Bagong Buwis ang Mga E-Cigarette. Gaya ng nakasaad sa itaas, kasalukuyang hindi isinasama ng estado ang mga e-cigarette sa pagpapakahulugan ng iba pang mga produkto ng tabako para sa pagpapataw ng buwis. Binabago ng panukala ang pagpapakahulugan ng "iba pang mga produkto ng tabako" para sa pagpapataw ng buwis upang isama ang mga e-cigarette na naglalaman ng nicotine o likidong may nicotine (kilala bilang e-liquid). Kapag binago ang pagpapakahulugan sa ganitong paraan, mailalapat din ang $3.37 na katumbas na buwis sa mga produktong ito.

Pigura 3
Mga Kamakailang Pagbabago sa Mga Batas Kaugnay ng Tabako[a]

Batas	Paksa	Paglalarawan
Kabanata 4 ng 2016 (AB2X 7, Stone)	Paninigarilyo sa lugar ng trabaho	Pinapalawak ang pagbabawal sa paninigarilyo sa lugar ng pagtatrabaho at inaalis ang iba't ibang tinukoy na pagkalibre para sa paninigarilyo sa lugar ng trabaho.
Kabanata 5 ng 2016 (AB2X 9, Thurmond)	Mga programa sa paggamit ng tabako	Pinapalawak ang pagiging karapat-dapat at mga iniaatas ng pagpopondo sa pagpigil sa paggamit ng tabako upang mapabilang ang mga paaralan ng karta.
Kabanata 6 ng 2016 (AB2X 11, Nazarian)	Paglilisensiya ng produkto ng sigarilyo at tabako: mga bayad at pagpopondo	Tinataasan ang mga bayad sa paglilisensiya ng tagatingi, tagapamahagi, at tagabenta ng pakyawan ng sigarilyo at tabako. Magkakaroon ng bisa sa Enero 1, 2017.
Kabanata 7 ng 2016 (SB2X 5, Leno)	Mga electronic cigarette	Pinapalawak ang kahulugan ng mga produkto ng tabako upang maisama ang mga electronic na sigarilyo at binibigyan ng kahulugan ang terminong paninigarilyo, gaya ng tinukoy.[b]
Kabanata 8 ng 2016 (SB2X 7, Hernandez)	Mga produkto ng tabako: minimum na legal na edad	Itinataas ang minimum na edad na sa pagbili ng mga produkto ng tabako mula 18 taong gulang sa 21 taong gulang.

[a] Maliban kung binanggit sa paglalarawan, magkakaroon ng bisa ang bagong batas sa Hunyo 9, 2016.
[b] Ang pinalawak na kahulugan na ito ng mga produkto ng tabako upang maisama ang mga electronic na sigarilyo ay hindi nalalapat para sa mga layunin ng pagbubuwis.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

Paano Gagastusin ang Mga Kita Mula sa Mga Bagong Buwis sa Tabako at E-Cigarette?

Ang mga kita mula sa mga buwis para sa produkto ng sigarilyo, iba pang produkto ng tabako at e-cigarette na dinagdagan ng panukalang ito ay direktang idedeposito papunta sa isang bagong espesyal na pondo. Ang mga kitang naideposito sa pondong ito ay gagamitin lang para sa mga layuning nauna nang isinaad sa panukala, gaya ng nakasaad sa ibaba. (Ang mga kita mula sa paglalapat ng $1.37 kada kahang rate sa mga e-cigarette, gayunpaman, ay susuporta sa mga layunin ng Proposisyon 99 at Proposisyon 10. Magiging bagong kita ito sa mga pondong ito.)

Gaya ng ipinakita sa Pigura 4, paghahati-hatiin ang mga kita gaya ng sumusunod:

Pigura 4

Paano Gagastusin ang Bagong Kita sa Buwis

Programa o Entidad	Halaga	Layunin
Hakbang 1: Palitan ang mga Nawalang Kita		
Mga Kasalukuyang Pondo mula sa Buwis sa Tabako	Tinutukoy ng BOE	Palitan ang mga nawalang kita dahil sa mas kaunting pagkonsumo ng tabako na resulta ng pagtaas ng hindi tuwirang buwis.
Buwis sa Pagbebenta at Paggamit ng Estado at Lokal na Pamahalaan	Tinutukoy ng BOE	Palitan ang mga nawalang kita dahil sa mas kaunting pagkonsumo ng tabako na resulta ng pagtaas ng hindi tuwirang buwis.
Hakbang 2: Pangangasiwa sa Buwis		
BOE—pangangasiwa	5 porsiyento ng mga natirang pondo	Mga gastos upang mapangasiwaan ang buwis.
Hakbang 3: Mga Partikular na Halaga para sa Iba't ibang Entidad ng Estado[a,b]		
Iba't ibang entidad ng estado—pagpapatupad[c]	$48 milyon	Iba't ibang mga aktibidad ng pagpapatupad ng mga batas na nauugnay sa tabako.
UC—pagsasanay ng doktor	$40 milyon	Pagsasanay ng doktor upang tumaas ang bilang ng mga doktor ng pangunahing pangangalaga at doktor ng emerhensiya sa California.
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan—Programang Pangngipin ng Estado	$30 milyon	Pagtuturo tungkol sa pagpigil at paggamot sa sakit sa ngipin.
Tagasuri ng Estado ng California	$400,000	Pagsusuri sa mga ahensiyang tumatanggap ng mga pondo mula sa mga bagong buwis, kahit isang beses lang bawat dalawang taon.
Hakbang 4: Mga Natirang Pondo para sa Mga Programang Pangkalusugan ng Estado[a]		
Medi-Cal—DHCS	82 porsiyento ng mga natirang pondo	Pinapataas ang antas ng bayad para sa pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyo, at paggamot na ibinibigay sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal. Hindi maaaring palitan ng DHCS ang mga kasalukuyang pondo ng estado para sa mga parehong layunin na ito ng mga bagong kita na ito.
Programa ng Pagkontrol sa Tabako ng California—Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan	11 porsiyento ng mga natirang pondo	Mga programa ng pagkontrol at pagpigil sa paggamit ng tabako na naglalayong bawasan ang karamdaman at kamatayan mula sa mga sakit na nauugnay sa tabako.
Programa para sa Sakit na Nauugnay sa Tabako—UC	5 porsiyento ng mga natirang pondo	Medikal na pananaliksik tungkol sa pagpigil sa paggamit, maagang pagtukoy, mga paggamot, at mga potensyal na lunas sa lahat ng uri ng cancer, cardiovascular na sakit at sakit sa baga, at iba pang mga sakit na nauugnay sa tabako. Hindi maaaring palitan ng UC ang mga kasalukuyang pondo ng estado at lokal na pamahalaan para sa layuning ito ng mga bagong kita na ito.
Mga Programa ng Paaralan—Kagawaran ng Edukasyon ng California	2 porsiyento ng mga natirang pondo	Mga programa ng paaralan na pipigil at magpapababa sa paggamit ng mga produkto ng tabako ng mga kabataan.

[a] Lilimitahan ng panukala ang halaga ng mga kitang kinalap ng panukala na maaaring gamitin upang magbayad para sa mga gastos na pampangasiwaan, na tutukuyin ng Tagasuri ng Estado sa pamamagitan ng regulasyon, sa hindi hihigit sa 5 porsiyento.

[b] Isasaayos nang naaangkop ng BOE ang mga paunang tinukoy na halaga taun-taon, na magsisimula dalawang taon pagkatapos magkaroon ng bisa ang panukala kung natukoy ng BOE na nagkaroon ng pagliit sa mga kita na resulta ng pagbaba ng pagkonsumo ng mga produkto ng sigarilyo at tabako dahil sa panukala.

[c] Ipapamahagi ang mga pondo sa Kagawaran ng Hustisya/Opisina ng Pangkalahatang Abugado ($30 milyon), Opisina ng Pangkalahatang Abugado ($6 na milyon), Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ($6 na milyon), at BOE ($6 na milyon).

BOE = Board of Equalization (Lupon ng Tagapamahala ng Buwis); UC = University of California (Unibersidad ng California); at DHCS = Department of Health Care Services (Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan).

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 56, pumunta sa pahina 134.

PAGSUSURI NG MANUNURI NG LEHISLATURA

- ***Unang Hakbang.*** Inaatas ng panukala na gamitin muna ang mga bagong kitang malilikom ng panukala sa pagbawi sa mga nawalang kita sa mga partikular na mapagkukunan (mga umiiral na pondo at buwis sa pagbebenta ng tabako na ipinapataw ng estado) na idinulot ng panukala. Mangyayari ang mga pagkawala ng kita na ito dahil sa mas kaunting pagbili ng mga produkto ng tabako dahil na rin sa mas matataas na buwis.
- ***Pangalawang Hakbang.*** Makakatanggap ang Lupon ng Tagapamahala (Tagakulekta / Mangingilak / Tagasingil) ng Buwis ng Estado ng hanggang 5 porsyento ng mga natitirang pondo upang bayaran ang mga gastos na pampangasiwaan upang ipatupad ang panukala.
- ***Pangatlong Hakbang.*** Nagbibigay ang panukala sa mga natukoy na entidad ng estado ng mga nakatakda nang dolyar na halaga taun-taon para sa mga partikular na layunin, gaya ng inilalarawan sa Pigura 4.
- ***Pang-apat na Hakbang.*** Ilalaan ang mga natitirang pondo—gamit ang mga partikular na porsyento—para sa iba't ibang programa, una na ang pagdaragdag ng gagastusin sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan para sa mahihirap at mga pamilyang saklaw ng programa ng Medi-Cal.

Iba Pang Mga Probisyon

Mga Kinakailangang Pagsusuri. Magsasagawa ang Tagasuri ng Estado ng California ng mga pagsusuri ng mga ahensyang nakakatanggap ng mga pondo mula sa mga bagong buwis kahit tuwing makalawang taon lang. Ang Tagasuri, na siyang nagbibigay ng mga independyenteng pagsusuri ng mga aktibidad ng pananalapi at pangangasiwa ng pamahalaan ng California, ay makakatanggap ng hanggang 400,000 dolyar taun-taon upang bayaran ang mga magagastos sa pagsasagawa ng mga pagsusuring ito.

Mga Kitang Hindi Saklaw ng Limitasyon sa Paggastos ng Estado at Pinakamababang Antas ng Pagpopondo sa Edukasyon. Binabago ng Proposisyon 56 ang Saligang-batas ng Estado upang hindi masaklaw ang mga kita at paggasta ng panukala sa legal na limitasyon sa paggasta ng estado. (Ang legal na hindi pagsaklaw na ito ay kagaya ng umiiral at inaprubahan ng botanteng mga pagtaas sa mga buwis sa tabako.) Sa panukalang ito, hindi rin sinasaklawan ang mga kita mula sa mga kinakailangan ng pinakamababang pagpopondo para sa edukasyon na nakaatas sa ilalim ng Proposisyon 98.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang ito ay magkakaroon ng maraming epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan. Ang mga pangunahing epekto ng panukalang ito ay tatalakayin sa ibaba.

Mga Epekto sa Estado at mga Lokal na Kita

Daragdagan ng Mga Bagong Buwis para sa Produkto ang Kita ng Estado ng Mahigit 1 Bilyong Dolyar sa taong 2017–18. Makakalikom ang panukalang ito ng mula $1.3 bilyon hanggang $1.6 bilyon sa

Pigura 5

Paano Ilalaan ang Mga Tinatantiyang Kita sa 2017–18

(Sa Mga Milyon)

	2017–18	
	Mababang Hanay[a]	Mataas na Hanay[a]
Tinatantiyang kita mula sa mga bagong hindi tuwirang buwis	$1,270	$1,610
Palitan ang nawalang kita[b]	230	200
Ilalaang Tinatantiyang Kabuuang Kita	**$1,040**	**$1,410**
Pangangasiwa sa Buwis		
Lupon ng Tagapamahala ng Buwis—mga gugol na pampangasiwaan	$50	$70
Mga Partikular na Halagang Ilalaan sa Mga Entidad ng Estado		
Iba't ibang entidad ng estado—pagpapatupad	$48	$48
Unibersidad ng California—pagsasanay ng doktor	40	40
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan—Programang Pangngipin ng Estado	30	30
Tagasuri ng Estado ng California—mga pagsusuri	—[c]	—[c]
Ilalaan sa Mga Programang Pangkalusugan ng Estado ang Mga Natirang Pondo		
Medi-Cal	$710	$1,000
Programa sa Pagkontrol ng Paggamit ng Tabako	100	130
Programa para sa Sakit na Nauugnay sa Tabako—Unibersidad ng California	40	60
Mga programa ng paaralan	20	20

[a] Hindi pa tiyak ang tugon ng mamimili sa iminungkahing mga pagtaas ng buwis, kaya nagpakita kami ng hanay ng mga posibleng resulta. Nagpapakita ang maliit na pagtatantiya ng kita ng malakas na tugon ng mamimili, habang nagpapakita ang malaking pagtatantiya ng kita ng mahinang tugon ng mamimili.
[b] Pagtatantiya ng LAO. Tutukuyin ng Lupon ng Tagapamahala ng Buwis ang mga halagang papalitan sa nawalang kita.
[c] $400,000.

PAGSUSURI NG MANUNURI NG LEHISLATURA

IPINAGPATULOY

karagadagang kita ng estado sa taong 2017–18—ang unang buong taon ng pagpapatupad ng panukala. Ang buwis para sa produkto ay magreresulta sa mas matataas na presyo para sa mga mamimili. Dahil dito, babawasan ng mga mamimili ang kanilang pagkonsumo ng mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako, kabilang na ang mga e-cigarette. (Maraming mamimili rin ang maaaring magbago ng kanilang paraan sa pagbili ng mga produktong ito upang maiwasan ang buwis.) Ang sakop ng bagong kita ay nagpapakita ng walang katiyakan sa kung gaano kalaki ang ibabawas ng mga mamimili sa kanilang mga pagbili bilang tugon sa mga mas mahal na presyo. Ang pagtantya sa mababang sakop ($1.3 bilyon) ay umaasang mas magiging matindi ang tugon ng mga mamimili sa buwis kaysa sa pagtantya sa mataas na sakop ($1.6 bilyon). Sa mga darating na taon, maaaring bumaba ang mga kita kumpara sa taong 2017–18 dahil sa mga magiging pagbabago sa kagustuhan ng mga mamimili.

Ang Paglalapat ng Mga Buwis para sa Produkto sa Mga E-Cigarette ay Makakadagdag Din ng Kita para sa Mga Umiiral na Pondo sa Tabako. Gaya ng naunang isinaad, pinalalawak ng panukala ang pagpapakahulugan ng iba pang mga produkto ng tabako upang maisama ang mga e-cigarette. Dahil dito, sasailalim ang mga e-cigarette sa mga buwis na naipasa ng mga botante sa Proposisyon 99 at Proposisyon 10. Dahil dito, ang mga pondong sinusuportahan ng dalawang proposisyong iyon ay makakatanggap ng karagdagang kita dahil sa panukalang ito. Ang karagdagang kitang ito ay malamang na nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

Mahigit 1 Biyong Dolyar na Dinagdagang Pagpopondo sa taong 2017–18, Karamihan ay para sa Mga Programang Pangkalusugan ng Estado. Tinatantya ng Pigura 5 ang halaga ng pagpopondong matatanggap ng bawat programa at ahensiya ng pamahalaan mula sa mga bagong kita sa buwis sa taong 2017–18. Pagkatapos mabayaran ang mga pagkawala ng kita na nagresulta mula sa panukala, ang available na kita para sa mga partikular na aktibidad na pinopondohan ng panukala—karamihan ay mga programang pangkalusugan—ay magiging mula 1 bilyong dolyar hanggang 1.4 bilyong dolyar. Kung patuloy na bababa ang paggamit ng sigarilyo, magiging mas mura ang mga halagang ito kahit papaano sa mga darating na taon. Dagdag pa rito, karamihan sa mga idinagdag na paggasta sa mga programang pangkalusugan ay magdudulot pa ng karagdagang pederal na pagpopondo sa estado. Dahil dito, mangongolekta ang estado at mga lokal na pamahalaan ng ilang karagdagang kita sa pangkalahatang buwis.

Maaaring Magkaroon ng Kaunting Epekto sa Kita ng Buwis sa Pagbebenta na Ipinapataw ng Estado at Lokal na Pamahalaan. Kapag mas matataas ang presyo ng sigarilyo at iba pang produkto ng tabako, tataas ang kita ng buwis sa pagbebenta na ipinapataw ng estado at lokal kung magpapatuloy ang mga mamimili sa pagbili ng parehong dami ng mga produktong ito. Gayunpaman, mas mababawasan ang pagbili ng mga mamimili ng mga produktong ito dahil sa pagtaas ng mga presyo nang dahil sa mga buwis ng panukala. Dahil dito, ang epekto ng panukala sa kita ng buwis sa pagbebenta at maaaging maging positibo, negatibo o hindi nagbago sa pangkalahatan, depende sa magigng tugon ng mga mamimili. Sa ilalim ng panukala, kung nakatanggap ang estado at mga lokal na pamahalaan ng mas kaunting kita sa buwis sa pagbebenta bilang resulta ng mga buwis ng panukala, ang mga pagkawalang iyon ay papalitan ng kitang malilikom ng panukala.

Mga Epekto sa Pagkolekta ng Buwis para sa Produkto. Gaya ng nakasaad sa Pigura 4, magbibigay ang panukala ng karagdagang pagpopondo sa iba't ibang ahensiya ng estado upang masuportahan ang pagpapatupad ng batas ng estado. Gagamitin ang mga pondong ito upang suportahan ang mas maiigting na hakbang sa pagpapatupad upang mabawasan ang pag-iwas sa buwis, pagpapalsipika, pagpupuslit at ang mga hindi lisensyadong pagbebenta ng mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako. Ang mga nasabing hakbang ay magpapataas ng kita sa buwis. Gagamitin din ang mga pondo upang suportahan ang mga hakbang sa pagbabawas ng pagbebenta ng mga produkto ng tabako sa mga menor de edad, na babawas sa pagkolekta ng kita. Dahil dito, hindi malinaw ang epekto sa neto sa kita ng buwis sa pagbebenta mula sa mga aktibidad ng pagpapatupad na ito. Bilang karagdagan, habang ang mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako—gaya ng kasalikuang inilarawan—ay sinasaklawan ng mga batas na pederal upang mapigilan ang pag-iwas sa buwis, hindi saklaw ang mga e-cigarette. Dahil dito, ang pagpapatupad ng mga buwis para sa produkto na ipinapataw ng estado sa mga e-cigarette ay maaaring mas maging mahirap kung bumili ang mga mamimili ng higit pa ng mga produktong ito online upang maiwasan ang mga bagong buwis.

Epekto sa Mga Paggasta ng Estado at Lokal na pamahalaan para sa Pangangalaga ng Kalusugan

Ang estado at mga lokal na pamahalaan sa California nagkaroon ng mga paggasta para sa pagbibigay ng (1) pangangalaga ng kalusugan para sa mahihirap at walang insurance at (2) pagsaklaw sa insurance sa kalusugan para sa mga empleyado at retirado ng estado at lokal na pamahalaan. Dahil dito, ang mga pagbabago sa batas ng estado gaya ng mga ginawa ng panukalang ito na nakaapekto sa kalusugan ng pangkalahatang populasyon ay makakaapekto rin sa mga paggasta sa pangangalaga ng kalusugan na pinopondohan ng publiko.

Halimbawa, gaya ng tinalakay sa itaas, magreresulta ang panukalang ito sa pagkaunti ng pagkonsumo ng mga produkto ng tabako bilang resulta ng pagtaas ng presyo ng mga produkto ng tabako. Dagdag pa rito, nagbibigay ang panukalang ito ng pagpopondo para sa mga programa sa pag-iwas at pagtigil sa paggamit ng tabako, at naging mabisa ang mga programang ito, sa pahlaon ay mababawasan nito ang pagkonsumo ng mga produkto ng tabako. Ang paggamit ng mga produkto ng tabako ay naiugnay ng mga pederal na awtoridad sa kalusugan at maraming siyentipikong pag-aaral sa iba't ibang masamang epekto sa kalusugan. Kung kaya, babawasan ng panukalang ito ang paggasta ng pangangalaga ng kalusugan ng estado at lokal sa mga sakit na nakukuha sa paggamit ng tabako sa loob ng mahabang panahon.

Magkakaroon ang panukalang ito ng iba pang mga epekto sa pananalapi na babawi sa mga pagkatipid na ito. Halimbawa, mararanasan ng estado at mga lokal na pamahalaan ang mga paggasta sa pangangalaga ng kalusugan at mga serbisyong panlipunan sa hinaharap na hindi na mangyayari dahil mabubuhay nang mas matagal ang mga indibidwal na nakaiwas sa mga sakit na nakukuha sa tabako. Dagdag pa rito, ang epekto ng buwis sa mga e-cigarette sa kalusugan at mga nauugnay na paggasta sa loob ng mahabang panahon ay hindi pa alam, dahil bagong device pa lang ang mga e-cigarette at pinag-aaralan pa rin ang mga epekto sa kalusugan ng mga e-cigarette. Kung kaya, hindi pa alam ang epekto sa pananalapi ng mahabang taning na neto ng panukalang ito sa mga paggasta ng estado at lokal na pamahalaan.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 56, tingnan ang pahina 134.